Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 23, 2009, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Isagani R. Malapaya* | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

## KAPASIYAHAN BLG. 219-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 4 NG BARANGAY BAGUMBAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN TATLUMPU'T APAT NA LIBO DALAWANG DAANG PISO (Php134,200.00) MULA SA BALANSENG WALANG PINAGLALAANAN NG KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php157,218.40 UPANG ILAAN SA IBA PANG BENEPISYO NG SANGGUNIANG BARANGAY AT MGA KATULUNGIN NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 116-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 09-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na nagkakahalaga ng Php134,200.00 mula sa Balanseng Walang Pinaglalaanan ng Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang P157,218.40 upang ilaan sa Iba Pang Benepisyo ng Sangguniang Barangay at mga Katulungin ng nabanggit na barangay

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Ramon D. Tan (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at John Carlos C. delos Reyes at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 4 ng Barangay Bagumbayan na nagkakahalaga ng Php134,200.00 mula sa Balanseng Walang Pinaglalaanan ng Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang P157,218.40 upang ilaan sa benepisyo ng Sangguniang Barangay (Php110,000.00), BNS, BHW (Php7,000.00), Day Care Worker (Php1,500.00), Brgy. Aide, Clerk, Caretaker Utility (Php4,000.00), Barangay Tanod (Php5,700.00), Lupong Tagapamayapa at BHRAO, BARC Chairman (Php6,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan